MINERS
Nuggets

Unang Aklat

Pag-aari ni: _____

Pangalan ng Minero

Ang Mga Minero

Kumusta mga bata, gusto ba ninyong samahan si Bob at Betty sa kanilang pagsisimula ng paghahanap sa pinakadakilang "lalagyan ng kayamanan" sa lahat, Ang Salita ng Dios?

Ang bawat salita ay lantay na katulad ng ginto na pinadaan sa apoy ng may pitong beses. Hindi na ito kailangang linisin, pakinisin o baguhin sa anumang paraan. Ang salita ay lantay, na walang anumang karumihan.

Ang Panginoon mismo ang nagpreserba nito! Hindi lamang ang mga original na mga salita, kundi sa bawat henerasyon o lahi mula noon hanggang ngayon. Ito ang sinabi sa Mga Awit 12:6, 7.

Hahanapin natin ito katulad ng paghahanap natin ng bita ng ginto o di kaya ay katulad ng natatagong kayamanan na mayroong mga diamante. Ang kayamanan na narito sa sisidlan ay higit na mahalaga sa anumang mamahaling bato at walang pwedeng maikumpara sa mga kayamanan na ating makukuha.

Ang kambal na si Bob at Betty ay hindi na makapaghintay sa ating gagawing paghahanap ng kayamanan. Ikaw rin ba ay nasasabik na rin?

Pastor Buck

Ang ginamit kong mga talata sa mga aralin sa booklet na ito ay ang kopya ng Biblia mula sa Authorized King James Version. Ang mga sagot sa mga katanungan ay mula mismo sa mga talata. Ang paggamit ng ibang salin ay hindi makakatulong para sagutan ang mga katanungan, sapagkat iba ang mga salitang nakalagay. Kaya kinakailangan na mayroon kang kopya ng Authorized King James Version bago mo simulan ang aklat na ito ng Mga Minero.

Para sa karagdagang impormasyon, ay maari kayong makipag-ugnayan sa:

www. grace-harbor-church.org
Gary & Lynda Miller
2822 Briarwood Drive E., Arlington Heights, IL 60005, U.S.A.
Phone: **847-640-8422**
Karapatan ng Pagpapalimbag 2002

Isinalin sa Tagalog ni **Bro. Edgar V. Villaflores** at sinuri/isinaayos ni **Pastor Val B. Tanierla** ng **Labo, Camarines Norte, Philippines.**

ANG

PAGLALAKBAY

NI

BOB AT BETTY

Ang Pagmimina ng Ginto

Ang Paglalakbay ni Bob at Betty
Ang Pagmimina ng Ginto

Ang kambal na si Bob at Betty ay gustong-gusto ang paglalakbay. Minsan isang "summer" sila ay nagbakasyon sa malapit at isang luma at abandonadong minahan. Ito ay isa sa napakagandang bakasyon, ang maghukay o magmina ng ginto. Tuwing umaga sila ay naghuhukay, dala ang kanilang mga pala, piko at lalagyan, at pumupunta doon sa minahan. Sa loob ng ilang oras, sila ay nangunguha, humuhukay at naghahanap ng mga makikinang na mga bato. Alam nila ang kahalagahan ng maingat na paghahanap mula sa mga putik upang makakuha ng mga kayamanan.

Maiisip ninyo ang kanilang kagalakan kapag nakikita nila ang mga makikinang na bahagi ng mga bato na nakalagay sa kanilang mga lalagyan. Nang matapos na ang summer, si Betty at Bob ay nakapuno ng isang lumang lalagyan na may mga makikinang at makukulay na mga bato.

Ang dalawang maliit na minerong ito ay naisip na ang kanilang mga nakuha ay magpapayaman sa kanila. Hindi sila mapalagay sa kanilang matagal na pagkakaupo sa sasakyan papunta sa kanilang bahay. Si Bob ay nangangarap na bumili ng bagong bisikleta at ng mga gamit sa baseball. At maaari na meron na siyang sapat na pambili ng buong tindahan ng mga laruan! Si Betty naman ay may pangitain ng mga magagandang damit, mga alahas at ng isang kastilyo. Habang patuloy silang naglalakbay ay nagpapalitan sila sa paghawak ng kanilang iniingatang lalagyan.

Ang kanilang pamilya ay nagdesisyon na pansamantalang huminto sa McDonalds para mananghalian. Hindi halos maiwan ng kambal ang kanilang lalagyan sa kotse. Sinabi ng kanilang tatay na siya ay nakakatiyak na wala namang magnanakaw ng kanilang lalagyan at kaniyang isasara ng maayos ang kotse. Ngunit sina Bob at Betty ay patuloy na nagsabing dadalhin nila ang mga batong iyon. Ito ang kanilang malaking pagkakamali.

Ang McDonalds ay maraming tao ng araw na iyon. Mahaba ang pila ng nagugutom na mga tao habang hinihintay ang kanilang pagkain. Habang hawak ni Bob ang lalagyan, siya ay pumunta sa palikuran. Nang siya ay bumalik, ang kaniyang pamilya ay nakaupo na at nag-aayos na ng kanilang pagkain. French-fries! Ang lahat ay gutom na. Mula sa lalagyan ng mga pagkain ay nakakuha si Bob at si Betty ng mga nagsasalitang "dinosaurs." Sila ay naging abala sa paglalaban ng kanilang mga laruang dinosaurs.

Nang matapos inumin ng kanilang tatay ang isang tasa ng kape ay ito na ang oras para muling bumalik sa kotse patungo sa kanilang tahanan. Si Bob at

Betty ay naghabulan papunta sa kotse upang mauna sa pag-upo na malapit sa may air con. Ang tiyan ng kambal ay puno ng hamburger, french fries at ice cream, kaya kaagad silang nakatulog.

Lumipas ang ilang oras, ang kanilang mga magulang ay maayos na nakaupo at tinitingnan ang magandang kapaligiran na kanilang dinadaan. May isang oras na lang para makaabot sa kanilang tahanan.

Si Betty ang unang nagising. Kaagad siyang tumingin sa likurang upuan. Siya ay naghahanap ng kanilang lalagyan ng mga bato. Si Bob naman ay nagising dahil sa kaguluhan. Agad siyang tumulong sa paghahanap sa nasabing lalagyan. Tiningnan nila ang ilalim ng mga unan at mga aklat, sa unahan at maging sa ilalim ng upuan. Ang kanilang nanay ay tumingin sa unahan, sa ilalim ng mga papel, atbp. ngunit wala ang lalagyan ng mga bato. Nasaan na kaya ito?

Tinanong sila ng kanilang tatay kung saan nila huling nakita ang lalagyan. Sila ay kaagad na nag-isip. Sa McDonalds! Sino ba ang huling may hawak ng lalagyan? Si Bob! Si Bob ay kaagad na pinagpawisan. Oo, siya ang may hawak ng lalagyan habang sila ay nakapila at naghihintay ng pagkain. Siya ba ay pumunta sa ibang lugar? Oo! sa palikuran! O hindi, nakalimutan niya ang lalagyan sa palikuran. Ang kambal ay nagsimulang sumigaw, “Tumigil tayo, kinakailangang bumalik tayo sa McDonalds.”

Ang kanilang mga magulang ay nagkatinginan sa isa’t-isa; dumidilim na at malapit na rin sila sa kanilang tahanan. Sila ay nag-usap ng mahina at ang kambal naman ay sinikap silang pakinggan. Sinabi ng kanilang tatay na hindi na sila babalik doon, magpapatuloy na lang sila sa pagbyahe at tatawagan na lang nila ang McDonalds upang tanungin kung may nakakita at nagsauli ng kanilang lalagyan.

Si Betty ay tumingin kay Bob; gusto niyang sigawan ito. Ngunit nang gagawin na niya ito ay nakita niya ang luha sa kanyang (Bob) mga mata. Sa halip ay niyakap niya ito at sila ay kapwa umiyak.

Parang napakatagal na panahon bago sila nakarating at tumigil sa kanilang garahe. Ang kambal ay kaagad na bumaba sa kanilang kotse at pumunta sa kanilang bahay. Bago nila naibaba ang kanilang mga bagahe at malinis ang mga lata, laruan at mga aklat, ang kanilang tatay ay hawak na ang telepono. Pagkatapos ng maraming ulit na pagtawag ay na-contact din nila ang McDonalds. Ang restawran na malapit sa freeway sa labas ng Monroe. Pwede kaya niyang makausap ang manidyer?



Ang manidyer na naka-duty sa gabi ay pinakinggan ang kanilang tatay sa kanilang kwento tungkol sa lalagyan. Ang kambal ay pinagmamasdan ang kanilang tatay habang ito ay napapabuntong-hininga, at pagkatapos ay napangiti. Ano kaya ang sinabi? Ang kanilang tatay ay kumuha ng lapis at nagsimulang magsulat. Si Bob at si Betty ay sobrang lapit sa kanilang tatay kaya hindi ito gaanong makapagsulat. Pastor Buck - 999-1515. Ibinaba ng kanilang tatay ang telepono at napuno ng katahimikan ang paligid. Ang kambal ay kaagad na nag-usisa. Ang kanilang tatay ay kaagad na sinabi kung ano ang kanilang napag-usapan ng manidyer. Parang may isang matandang lalaki na nakakuha ng kanilang lalagyan ng makikinang at makukulay na mga bato. Dahil naisip niya na mahalagang gamit ito ng isang bata ay sinubukan niya itong isauli. Ngunit ang manidyer na naka-duty noon ay sinabi na maaaring mga lumang bato lamang ito at pwede na niyang iuwi. Ngunit ang matandang lalaki ay hindi niya pwedeng gawin iyon na hindi ibinibigay ang kaniyang pangalan at numero ng telepono, kung sakaling may bata na maghanap ng mga iyon.

"Tawagan natin siya! Tawagan natin siya!," ang sigaw ng kambal. Tiningnan ng kanilang tatay ang kaniyang relo - 10:30; masyado ng malalim ang gabi para tawagan ang isang estranghero. Siya ay nangako na tatawagan niya ito pagkagising niya ng umaga. Naging mahirap para kay Bob at Betty na matulog ng gabing iyon, ngunit sila ay masaya rin naman dahil alam nila na may nakakuha ng kanilang nawawalang lalagyan.

Kinaumagahan, ang kanilang pamilya ay kaagad na nagsama-sama sa may telepono habang ang kanilang tatay ay tinatawagan ang numero. Ang telepono ay tumunog ng tumunog. Ngunit nang ang kanilang tatay ay ibababa na ang telepono, may isang matanda ngunit tahimik na boses na sumagot. "Hello, ito ay si Pastor Buck." Ibinigay ng kanyang tatay kay Bob ang telepono. "Sabihin mo anak sa kanya, kung ano ang nangyari." Sa pamamagitan ng mga iyak at pagtawa ay isinalaysay niya kung paano na siya at si Betty ay nagmina para sa mga mahalagang mga bato. Kung paanong buong summer vacation ay nagtrabaho sila upang makakuha ng mga makikinang na mga bato. Kung paano nila ito hinawakan at prinotektahan, at kung paano nila ito basta na lang naiwala.

Nang matapos niya ang pagku-kwento ay tinanong niya ang matandang lalaki, "Alam mo ba kung nasaan na ang aming lalagyan?

Si Pastor Buck ay nahabag para kay Bob at Betty. Oo, inilagay niya ang lalagyan sa isang ligtas na lugar at itatago niya ito doon hanggang sa sina Bob at Betty ay pumunta sa kanya para kunin iyon.

Muling ibinigay ni Bob ang telepono sa kanyang tatay at pagkatapos makipag-usap ay may isinulat sa papel at saka ibinaba ang telepono. Nalaman nila na ang matandang lalaki ay nakatira lang malapit sa kanilang bahay. Pwede silang pumunta doon at kunin ang lalagyan. Ang kambal ay nagsimulang sumayaw at lumukso sa malaking tuwa. Ang kanilang kayamanan ay natagpuan. Sila ay mayaman na ulit!

Nang umuwi ang kanilang tatay mula sa trabaho at matapos ang pagkain ng hapunan, pumunta na sila sa kotse at nagsimula ang kanilang pagbabyahe papunta kay Pastor Buck. Ang mga mata ng kambal ay hindi maalis sa kalsada habang hinahanap ang tamang daan - Center Street. Si Bob ang unang nakakita nito. Umikot sila at hinanap ang 57 N. Center, ang bahay na may luntiang pintuan. "Narito na tayo!" ang sigaw ni Betty habang sila ay dahan-dahang nagbabyahe sa kalsadang iyon. Huminto ang kanilang sasakyan sa tapat ng bahay at kaagad ay may lumabas na matanda. Nakangiti ito sa kanila, habang ang mga bata ay tumakbo palapit kasunod ang kanilang mga magulang.

"Pasok kayo, pasok kayo," ang sabi ni Pastor Buck. Sa loob ng bahay ay may napansin ang kanilang tatay na iba't-ibang mga bagay. May mga talata ng Biblia na nakalagay sa mga dingding ng bahay. At may tinutugtog na mga musika galing sa imnaryo na naaalala niya noong siya ay bata pa. May Biblia na nakabukas sa ibabaw ng kanilang kainan. Si Bob at si Betty ay nakita lamang ay ang lalagyan ng mga bato. Naroon ito, nakalagay sa may coffee table.

Si Pastor Buck ay lumingon kina Bob at Betty, "Sinubukan kung tingnan ang inyong mga bato. Dati akong nagtatrabaho sa isang minahan noong ako ay bata pa." Habang si Pastor Buck ay nagsasalita, inilagay niya ang kanyang kamay sa kanyang bulsa at may dinukot na panyo. Habang binubuksan niya ito ay lumapit naman ang kambal. Nakalagay doon ang ilan sa mga magagandang bato na noon lang nila nakita. Kumikinang na lila, berde, pula at dilaw na mga bato.

"Wow! Saan po ba ninyo nakuha ang mga iyon?" ang paluhang sabi ni Betty.

"Mula sa inyong lalagyan," ang sabi ni Pastor Buck. "Inilabas ko ang pinaka-magagandang bato, nilinis at pinakinis ito para sa inyo. Ang halaga nito ay may $200.00 kung ipagbibili ninyo ito sa gumagawa ng alahas. Pwede ko itong bilhin sa inyo, kung gusto ninyo."

Si Bob at si Betty ay nagkatinginan. Ang $200.00 ay napakalaking halaga sa perang natanggap na nila. Ngunit sila ay pareho ng iniisip. "Hindi, salamat

SI CRISTO
AY NAMATAY
PARA SA
AKIN

na lang," sabay nilang nasabi. "Mas gusto pa namin ang aming mga bato. Pwede kaming magsimula sa pagkolekta o kaya ay gawing kwentas o singsing o pulseras." Ang kanilang isipan ay tumatakbo sa mga ideya kung ano ang gagawin sa mga magagandang bato.

Ang kanilang mga magulang ay napangiti at nagsabi na tama ang kanilang naging desisyon. Ibinigay ni Pastor Buck sa kambal ang mga makikintab na bato at sinabihan ang lahat na umupo habang binibigyan ng panghimagas na pagkain.

Si Gng. Buck ay dumating na dala ang isang tray na may mga brownies at isang pitsel ng gatas. "Ang ating pag-uusap tungkol sa mga ginto at mahahalagang bato ay nagpapaalala sa akin tungkol sa pinaka-mahalagang bagay sa buong mundo," ang sabi ni Pastor Buck. "Gusto ba ninyong marinig ito?"

"Oo, naman," ang sabi ng kambal at tumango rin ang kanilang mga magulang.

Si Pastor Buck ay may inabot at kinuha ang isang lumang-luma pero gamit na Aklat. Nagpasimula siyang buksan ang mga pahina. Alam ng kanilang mga magulang na ito ay Biblia. Mayroon silang Biblia sa kanilang tahanan, ngunit hindi pa nila ito nababasa. Si Pastor Buck ay nagpasimulang magbasa, "Dahil inyong nalalaman na hindi kayo tinubos, sa pamamagitan ng mga bagay na nasisira, tulad ng pilak at ginto, mula sa inyong walang kabuluhang pamumuhay; kundi sa pamamagitan ng mahalagang dugo ni Cristo, gaya ng isang kordero na walang dungis at kapintasan" (1 Pedro 1:19-20). "Kapag ating iniisip ang mga bagay na mahalaga, iniisip natin ang mga bagay na katulad ng ginto at pilak. Ang sabi ng Dios na ang pinaka-mahalagang bagay para sa Kanya ay ang dugo ng Kanyang Anak. Sa katotohanan, ang sabi Niya ay ang dugo ni Cristo ay napakahalaga at kaya nitong bilhin ang pinaka-dakilang regalo sa buong mundo."

Binuksan ulit niya ang ilang pahina, "Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan: ngunit ang kaloob [o regalo] ng Dios ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na Panginoon natin"(Roma 6:23). Ang lahat sa atin ay may utang na dapat bayaran dahil sa kasalanan. Ang utang na ito ay hindi pinansyal na pagkakautang, ngunit espiritwal na pagkakautang. Ito ay hindi binayaran ng pera kung hindi ng kamatayan. Hindi lamang pisikal na kamatayan, kung hindi ang pangalawang kamatayan, kung saan tayo ay walang hanggang mahihiwalay sa Dios. Ang Dios ay Makatuwirang Dios, ang Banal na Dios. Walang anumang kasalanan kung saan naroroon ang Dios."

Ang kanilang mga magulang, si Bob at si Betty ay nagpasimulang isipin ang mga makasalanang bagay na kanilang nagawa. Ang Aklat ay tama, sila ay mga makasalanan. “Ngunit bigyan ninyo pa kami ng karagdagang impormasyon tungkol sa regalo ng buhay na walang hanggan,” ang sabi ng kanilang tatay.

Muling binuksan ni Pastor Buck ang ilang mga pahina, ““Datapuwa’t ipinadama ng Dios ang Kaniyang pag-ibig sa atin, na nang tayo’y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin... Sapagkat Kaniyang ginawa Siyang may sala dahil sa atin, Siya na hindi nakakilala ng kasalanan; upang tayo ay maging katuwiran ng Dios sa Kanya.” Ang Aklat ay nagsasabi na kinuha ni Cristo ang ating mga kasalanan at binayaran ang ating pagkakautang sa pamamagitan ng Kanyang mahalagang dugo doon sa krus. Sapat na sa Dios ang dugo ng Kanyang Anak bilang kumpletong pangbayad ng mga kasalanan. Matapos na bayaran ni Cristo ang ating mga kasalanan, Siya ay bumangon mula sa mga patay at nag-aalok ng kaloob na buhay na walang hanggan sa sinumang sasampalataya sa Kanya.”

“Saan maniniwala o sasampalataya?” ang kaagad na sinabi ng kanilang nanay.

Muli niyang binuksan ang pahina. “Na siyang inilagay ng Dios na maging pang-palubagloob, sa pamamagitan ng pananampalataya sa kaniyang dugo...” Ang dugo ni Cristo ang nag-iisang bagay na may kakayahan para iligtas tayo. Ang ating mababuting mga gawa, ang ating relihiyon, ang ating mga pagsisikap ay walang halaga sa harapan ng Dios. Ang Dios ay tumitingin sa iyong puso at alam Niya kung ano ang iyong pinagtitiwalaan. Alam ng kanilang mga magulang at ng kambal na nakikita ng Dios ang laman ng kanilang puso kapag tinitingnan Niya ito. Alam Niya na hindi nila pinagtitiwalaan ang dugo ni Cristo bilang pambayad ng kanilang mga kasalanan.

“Pwede ba namin ngayon piliin at sampalatayanan na si Cristo ay namatay para sa aming mga kasalanan, nalibing at muling nabuhay mula sa mga patay at tanggapin ang regalo ng Dios na buhay na walang hanggan?” ang sabi ng kanilang tatay.

“Iyon ang gagawin ko,” ang sabi ng kanilang nanay. Si Bob at si Betty ay hindi mapalagay sa kanilang pagkakaupo. Ang pinakadakilang regalo, ang buhay na walang hanggan ay sa kanila na dahil ang dakilang halaga, ang dugo ni Cristo, ay binayaran na.

Nang gabing iyon ang pamilya nila ay lumipat na mula sa kamatayan

patungo sa buhay. Nagtagal pa sila ng gabing iyon sa pagbabasa ng mga talata at pagpapasalamat sa Dios sa ginawang pagliligtas sa kanila.

Sa kanilang pag-uwi ay dala na ni Bob at Betty ang kanilang lalagyan ng makikinang na mga bato pero mayroon pa silang kayamanan, na mas mahalaga. Si Pastor Buck ay binigyan sila ng sarili nilang kopya ng Biblia. Hindi na sila makapaghintay na magsimula ng totoong pagmimina. Ipinakita sa kanila ni Pastor Buck na ang mga Salita ng Dios ay parang ginto at para malaman ito ay katulad ng paghahanap sa mga tanso at natatagong kayamanan. Ang pag-diskubre ng mga katotohanan sa Salita ng Dios, ang tunay na "Mga Tipak na Ginto" (Gold Nuggets) na kanilang hahanapin.

WAKAS

Minero Unang Aralin

Ang Kaligtasan - Ang Kalagayan ng Tao

Talatang Sasauluhin - Roma 3:23 - "Sapagkat ang lahat ay nagkasala nga at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Dios."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____
_____
_____

Ang talata ay nagtuturo na: Ang _____ ng tao ay makasalanan. Ang pamantayan na ibinigay ng Dios para maging perpekto ay ang Kanyang kaluwalhatian. Ang lahat ng tao ay hindi nakaabot sa _____ ng Dios.

Basahin ang Roma 3:10-18, dalawang beses sa buong isang linggo.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pangalawang Aralin

Ang Kalagayan ng Tao

Talatang Sasauluhin - Mga Awit 39:5b - "...tunay na bawa't tao sa kaniyang pinakamagandang kalagayan ay lubos na walang kabuluhan. Selah."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____

_____

_____

Ang Mga Awit 39:5 ay nagsasabi sa atin na ang tao sa kaniyang p_____ kalagayan ay pawang walang k_____.

Ang kapalaluan ang nagiging dahilan para tayo ay mag-isip na maayos at mabuti sa paningin ng Dios, at nakahihigit sa ibang mga tao.
Ito ay walang halaga, hungkag, bale-wala.

Gaano kawalang halaga ang tao sa kanyang mabuting kalagayan? _____
Ano ang iba pang salita sa "lubos?" _____

Basahin ang 1 Samuel 16:7
Ang isang taong hindi ligtas ay tumitingin sa _____ na kaanyuan?
Ang Dios ay tumitingin sa _____.
Basahin ang Jeremiah 17:9. Ano ang sinasabi ng Dios tungkol sa ating puso? _____
Ang tao ay ikinukumpara ang kanyang mabuting kalagayan sa malalang kalagayan ng iba at naniniwala sya na maayos ito sa Dios. **Basahin ang 2** Corinto 10:12, ang sabi ng Dios na ito ay hindi _____

Lagyan ng linya (o i-konekta) ang mga salita sa unang column sa mga sagot sa pangalawang column.

1. kung saan ang tao tumitingin	a. masama
2. ang kahulugan ng hungkag	b. panlabas na kaanyuan
3. tayong lahat	k. walang halaga
4. kung saan ang Dios tumitingin	d. ang puso
5. maayos ako	e. kapalaluan
6. pagsalangsang	g. lahat
7. ito ang idinudulot ng kasalanan	h. mga kasalanan
8. na isang makasalanan	i. kamatayan
9. ang puso ng tao	l. buong-buo

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pangatlong Aralin
Ang Kalagayan ng Tao

Talatang Sasauluhin - Roma 5:6 - "Sapagka't nang tayo ay mahihina pa sa takdang panahon si Cristo ay namatay para sa mga masasama."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____
_____
_____

Sa aklat ng Roma kabanatang 5 ay matutunan natin ang 4 na bagay tungkol sa kalagayan ng isang tao.

1. Walang Lakas - ikaw ba ay nagkasakit at nahirapan kang bumangon? Ang sabi ng Dios sa ating makasalanang kalagayan ay wala tayong magagawa. Ang mga tao ay nagsisikap na makaabot sa Dios sa pamamagitan ng kanilang sariling lakas ngunit hindi nila magawa. Ang sabi ng Dios na tayo ay _____ lakas.
2. Sa Roma 5:6 ay sinasabi din na tao ay _____. Ang tao ay ang kabaligtaran ng lahat ng mayroon ang Dios.
3. Sa Roma 5:8 ay sinasabi na tayo ay _____.
4. Sa Roma 5:10 ay sinasabi na tayo ay _____ ng Dios. Ang kaaway ay isang kalaban. Sa ating makasalanang kalagayan ay wala tayo sa panig ng Dios kundi lumalaban at sumasalungat sa mga gawain ng Dios.

Sa talatang ito, kailan namatay si Cristo? _____
Sa tamang panahon o nakatakdang oras.
Sino o kanino, sa talatang ito, namatay si Cristo? _____
Ang ibig bang sabihin ay kasama ka dito? _____
Isulat ang apat na bagay na kalagayan ng tao ayon sa Biblia:

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____

Ang salitang "hindi" ay tumutukoy sa lahat ng kabaligtaran ng salita na kaugnay nito.
Ang kalaban ay **(para) o (laban)** sa iyo. **Bilugan** ang tamang sagot.
Ang isang taong makasalanan ay nakalulugod sa Dios dahil pinagsikapan niya ito. **Totoo o Hindi**
Ang iba pang salita para sa walang lakas ay _____.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Apat na Aralin
Ang Kinahinatnan ng Tao

Talatang Sasauluhin - Roma 6:23 - "Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan: ngunit ang kaloob [o regalo] ng Dios ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____
_____
_____

Ang kasalanan ay may kaparusahan - ito ay ang kamatayan.

Basahin ang Genesis 2:17

Sinabi ng Dios kay Adan na siya ay mamamatay kung siya ay hindi susunod sa Kanya. May dalawang bahagi tungkol sa kamatayang ito, pisikal at espiritwal na kamatayan.
Ang sabi ng Dios kay Adan na siya ay mamamatay sa _____ na siya ay magkasala.
Namatay ba siya ng pisikal ng araw na iyon? _____
Basahin ang 1 Corinto 15:21 at Genesis 3:19
Dahil sa kasalanan ni Adan, ang lahat ay _____.
Ano ang nangyayari sa katawan kapag ito ay namatay? Genesis 3:19. Ito ay bumabalik sa _____.
Ano ang mangyayari pagkatapos ng kamatayan? Hebreo 9:27_____
Ang kaluluwa at Espirito ay maaaring mamuhay ng hiwalay sa katawan. Ang Espiritwal na kamatayan ay kaagad na nangyari kay Adan. Hindi na siya namumuhay sa maayos at patuloy na pakikipag-ugnayan sa Dios. Efeso 4:18 - "..._____nangahiwalay sa buhay ng Dios." Ang Pahayag 21:8 ay nagsasabi sa atin na ang pangalawang kamatayan ay sa dagat-dagatang apoy.

Iayos ang mga salitang ito

walistirip_____ amaknayat_____
balako _____ nadA _____
htolagap _____ salakanan _____
tamayma_____ lakisip _____
yopa tagad-tagadang _____

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Limang Aralin

Ang Ibinigay ng Dios

Talatang Sasauluhin - 1 Timoteo 2:4 - "Na Siya ang may ibig na ang lahat ng mga tao'y maligtas, at makaabot sa pagka-alam ng katotohanan."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____

_____

_____

Dahil ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, isang bagay lamang ang kailangan para sa kaligtasan ng mga tao. Ang Hebreo 9:22 ay nagsasabi sa atin na tanging sa pagkabuhos lamang ng _____ ang kailangan para sa kapatawaran ng mga kasalanan.

Ayon sa 1 Timoteo 2:4, ang kalooban ng Dios ayon sa talatang ito ay (lahat, ilan, konti) ng mga tao ang maliligtas.

Ang Ezekiel 33:11 ay nagsasabi na ang Dios ay hindi nalulugod sa pagkamatay ng isang _____.

Laging ang Dios ang nagbibigay ng paraan para sa kaligtasan ng mga tao.

Basahin ang Genesis 3:21 at 4:1-5

Pinasimulan ng Dios ang paraan ng pagsasakripisyo kina Adan at Eba. Ang kanilang dalawang anak, na si _____ at _____ ay naghandog ng mga sakripisyo sa Dios. Si Abel ay sumampalataya at sumunod sa Dios sa kaniyang paghahandog ng _____. Samantalang si Cain ay hindi sumampalataya at naghandog ng _____. Kaninong sakripisyo ang tinanggap ng Dios?_____

Laging ibinibigay ng Dios ang kaligtasan para sa pagpili ng tao.

Ibinigay ng Dios sa bansang Israel ang sistema ng paghahandog na sinusunog. **Basahin** ang Lev. 1:4, 5:5,6

Oo o Hindi - Tayo ba ay nagsasakripisyo pa ng mga hayop para sa kasalanan sa panahong ito?

Bakit? Efeso 2:13 - "Ngunit ngayon kay Cristo Jesus kayo na noong panahon ay nalalayo ay inilapit sa pamamagitan ng dugo ni _____."

Ano ang isa pang salita para sa inilapit? _____

Ang dugo ni Cristo ay ang kabayaran ng ating katubusan. Colosas 1:14

Gumawa ng larawan ng isang regalo at pangalanan kung ano ang regalo ng Dios.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

Unang Aralin

Roma 3:23 - "Sapagkat ang lahat ay nagkasala nga at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Dios."

Pangalawang Aralin

Mga Awit 39:5b - "Tunay na bawa't tao sa kaniyang pinakamagandang kalagayan ay lubos na walang kabuluhan. Selah."

Pangatlong Aralin

Roma 5:6 - "Sapagka't nang tayo ay mahihina pa, sa takdang panahon si Cristo ay namatay para sa mga masasama."

Pang-Apat na Aralin

Roma 6:23 - "Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan: ngunit ang kaloob [o regalo] ng Dios ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."

Pang-Limang Aralin

1 Timoteo 2:4 - "Na Siya ang may ibig na ang lahat ng mga tao'y maligtas, at makaabot sa pagka-alam ng katotohanan."

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Anim na Aralin

Talatang Sasauluhin - 1 Timoteo 1:15 "Si Cristo Jesus ay naparito sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan; at sa mga ito ako ang nangunguna."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____

_____

_____

Ating napag-alaman na ang lahat ay makasalanan. Bilang isang makasalanan tayo ay walang kakayahan, hindi maka-Dios, kaaway ng Dios, nararapat na parusahan at patungo sa impiyerno.

Ang talata ay nagtuturo sa atin na bagamat tayo ay nasa desperadong sitwasyon ay mayroon pa tayong pag-asa! Bakit naparito si Cristo sa sanlibutan? Upang _____ ang mga makasalanan.

Basahin ang 1 Timoteo 1:16

Si Cristo ay naparito sa sanlibutan para iligtas ka! Kung ang lahat ay makasalanan at si Cristo ay naparito para iligtas ang mga makasalanan, mayroon bang makasalanan na hindi kayang iligtas ni Cristo? **Mayroon o Wala**

Sa talatang ito ay sinabi ni Pablo na siya ang pinaka-pinuno ng mga makasalanan. Siya ay pangunahin bilang halimbawa kung saan ang mga makasalanan pagkatapos niya ay maliligtas rin naman.

Ang Israel ang bansang pinili ng Dios. Sila ay binigyan ng sistema ng pagsasakripisyo at sinumang tao na gustong maligtas ay pupunta sa Israel at makikibahagi sa ginagawa ng Dios sa pamamagitan ng bansang iyon.

Ano ang nangyari sa Israel? **Basahin** ang Roma 11:11, ang Israel ay nadapa at bumagsak, at sa Roma 11:15 ay sinasabi na sila ay _____ sa ngayon, ngunit hindi naman panghabang panahon.

Ang Dios ay iniligtas ang isang lalaki na ang pangalan ay Saul sa isang kakaibang paraaan. Sa pamamagitan ng biyaya ayon sa pananampalataya.

Basahin ang Roma 16:25; 11:13

Binago ng Dios ang pangalan ni Saul bilang si _____ at ipinahayag sa kanya ang mga impormasyon na Kanyang inilihim magmula pa ng likhain ang sanlibutan. Dapat tayong pumunta sa mga sulat ni Pablo upang malaman kung ano ang ginagawa ng Dios at bakit Niya ginagawa ang mga iyon.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Pitong Aralin

Talatang Sasauluhin - 2 Corinto 5:21 - "Sapagkat Kaniyang ginawa Siyang may sala dahil sa atin, Siya na hindi nakakilala ng kasalanan; upang sa Kaniya tayo ay maging katuwiran ng Dios."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____

_____

_____

Ang problema ng tao sa Dios ay _____.
Ang dahilan kung bakit tayo nahiwalay sa Dios ay _____.
Ang Dios ay naging makatuwiran ang pagtrato sa mga _____.

Ating nakita kung paano ang naging pagtrato ng Dios sa bansang Israel ayon sa sistema ng pagsasakripisyo. Sa sistemang ito ay taon-taon silang lumalapit para magdala ng mga sakripisyo. Nang si Cristo ay dumating at mapako sa krus, ay inayos ng Dios ang problema sa kasalanan ng minsan at magpakailanman.

Basahin ang Hebreo 10:1-4, 10-12

Ang Dios ay ginawang _____ si Cristo para sa atin.

Ang ating sasauluhing talata ay nagtuturo sa atin na ang Dios ayon sa Kanyang karunungan ay nagplano ng paraan kung paano Niya tatratuhin ng makatwiran ang kasalanan at ililigtas ang makasalanan. Ang Anak ng Dios ay dumating at pumunta doon sa krus at inako ang mga kasalanan ng mga makasalanan at binayaran ang presyo ng mga kasalanang iyon na nagdulot sa bawat isa ng kamatayan at impiyerno.

Napakagandang plano! Sino, kundi tanging ang Dios lamang, ang pwedeng makapagplano ng ganoon kahanga-hanga? Siya ay paparito, kukunin ang ating lugar, mamatay para ating kasalanan, muling babangon mula sa mga patay at mag-aalok ng buhay na walang hanggan sa lahat ng sasampalataya, at ginawa Niya ito para sa kanila.

Nagtiwala ka na ba kay Cristo bilang iyong Tagapagligtas?

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Walong Aralin
Ang Paraan ng Dios

Talatang Sasauluhin - 1 Timoteo 2:5 - "Sapagka't may isang Dios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____
_____
_____

Mayroon lamang _____ Dios. Siya ang Dios ng Biblia, ang lumikha ng langit at ng lupa. **Basahin** ang Isaiah 44:6 at Deuteronomio 4:35.

Sa Dios tayo nagkasala, at malayo tayo sa Kanya.

Mayroon ka na bang naging problema sa isang tao at mayroon namang lumapit sa iyo at pinagkasundo kayo katulad ng dati? Iyon ang ginagawa ng isang tagapamagitan.

Sigurado tayo na **iisa** lamang ang Dios, may isa lamang tagapamagitan sa Dios at sa mga tao. Sino Siya? _____

Sa aklat ni Job ay makikita natin ang pagsasalarawan ng isang tagapamagitan. **Basahin** sa Job 9:32, 33

Ano ang salitang ginamit ni Job para sa tagapamagitan? _____

Ano ang iba pang salita na katumbas ng "para sa pagitan"? _____

Ano ang gusto ni Job na gawin ng isang tao?_____
Pwede ka bang gumawa ng drawing katulad ng mga "stick people"?

Ang Panginoong Jesu-Cristo ay parehong tao at Dios. Siya lamang ang pwedeng humawak sa kamay ng Dios Ama at ng ating mga kamay, para tayo ay pagkasunduin at pagsamahin.

Saan ito ginawa ni Cristo? Doon sa K_____.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Siyam na Aralin

Talatang Sasauluhin - Efeso 2:8,9 - "Sapagka't sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi mula sa inyong sarili, ito'y kaloob [o regalo] ng Dios: Hindi dahil sa mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmapuri."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____
_____
_____

Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Dios. Ang biyaya ay pagpapakita ng kabutihan sa hindi karapat-dapat.

Bilang mga makasalanan ay dapat na magbayad tayo para sa ating mga kasalanan, sa pamamagitan ng panghabang-panahong pagkahiwalay sa Dios.

Ang ating tanging pag-asa sa kaligtasan ay dapat na magmula sa Dios sa pamamagitan ng paggawa ng paraan. Iyon ay biyaya! Ang kaligtasan ay hindi gantimpala para sa mga mababuting tao, ngunit regalo para sa mga makasalanan.

Ang biyaya ng Dios ay makakamtan sa pamamagitan ng p_____.

Maaaring naisip natin ng maraming beses at naituro pa sa ibang mga simbahan na ang biyaya ng Dios ay ibinibigay sa atin kung tayo ay magmamakaawa, mananalangin, magiging mabuting tao, o kaya ay magbigay ng pangako sa Dios. Ang mga ito ay tinatawag na mga gawa.

Ang ating talata ay nagsasabi na ang kaligtasan ay hindi sa inyong _____ kundi dahil sa b_____ ng _____. Hindi sa pamamagitan ng mga _____ upang sinuman ay _____.
Ano pa ang ibang salita para sa magmapuri? _____
Anong mga salita ang pwede mong mabuo sa salitang kaligtasan?
1._____ 3._____ 5._____
2._____ 4._____ 6._____

Kung ang mababuting gawa ay bahagi ng ating kaligtasan, ano ang ating gagawin?
1. maging mapagpakumbaba 2. magpasalamat sa Dios 3. magmapuri

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Sampung Aralin

Talatang Sasauluhin - 1 Corinto 1:21 - "Sapagka't yamang sa karunungan ng Dios ay hindi Siya nakilala ng sanglibutan, ikinalugod ng Dios na sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral [tungkol sa krus] ay iligtas ang mga sumasampalataya."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____
_____
_____

Ating nalaman na ang lahat ng tao ay makasalanan. Bilang mga makasalanan, wala tayong kakayahan para iligtas ang ating mga sarili. Si Cristo ay naparito para iligtas ang mga makasalanan. Si Cristo ang tanging tagapamagitan sa Dios at sa mga tao. Si Cristo ang nagbayad para sa ating mga kasalanan doon sa krus sa pamamagitan ng Kanyang dugo at nag-aalok sa mga makasalanan ng regalong buhay na walang hanggan.

Paano tayo makatatanggap ng buhay na walang hanggan? Ang Dios ay ililigtas iyong: (piliin at bilugan ang tamang sagot)

1. pumupunta sa simbahan
2. sumusunod sa 10 Utos
3. sumasampalataya sa pangangaral tungkol sa krus

Ano ang nakalulugod sa Dios talatang nabanggit sa itaas?

_____

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

Pang-Anim na Aralin

1 Timoteo 1:15 - "Si Cristo Jesus ay naparito sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan; at sa mga ito ako ang nangunguna."

Pang-Pitong Aralin

2 Corinto 5:21 - "Sapagkat Kaniyang ginawa Siyang may sala dahil sa atin, Siya na hindi nakakilala ng kasalanan; upang tayo ay maging katuwiran ng Dios sa Kanya."

Pang-Walong Aralin

1 Timoteo 2:5 - "Sapagka't may isang Dios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus."

Pang-Siyam na Aralin

Efeso 2:8, 9 - "Sapagka't sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi mula sa inyong sarili, ito'y kaloob [o regalo] ng Dios: Hindi dahil sa mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmapuri."

Pang-Sampung Aralin

1 Corinto 1:21 - "Sapagka't yamang sa karunungan ng Dios ay hindi Siya nakilala ng sanglibutan, ikinalugod ng Dios na sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral [tungkol sa krus] ay iligtas ang mga sumasampalataya."

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Labing Isang Aralin

Talatang Sasauluhin - Roma 4:5 - "Datapuwa't sa kaniya na hindi gumagawa, kundi sumasampalataya sa Kaniya na nagpapaging-matuwid sa masama, ang kaniyang pananampalataya ay ibibilang na katuwiran."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____

_____

_____

Ang ating talata ay nagsasabi na _____ gumagawa ngunit nananampalataya.
Ang pagsampalataya ba ay gawa? Oo o Hindi
Kung ikaw ay bibigyan ko ng regalo at gusto mo ng magbayad para doon, ito ba ay masasabi pa nating regalo? _____ Kung ikaw ay nagbayad ng kalahati (1/2), ito ba ay masasabi pa nating regalo? _____ Paano naman kung apat na bahagi (1/4), to ba ay masasabi pa nating regalo? _____

Ang regalo ng Dios sa kaligtasan ay biyaya sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak, ang Panginoong Jesu-Cristo.

Ang biyaya ng Dios sa pagbibigay ng kaligtasan sa sinuman at sa lahat ng sasampalataya ay tinatawag na biyaya. Ikaw ba ay gagawa para sa iyong kaligtasan at ito ay maituturing pa ring biyaya? _____

Pwede ka bang gumawa ng konti para sa iyong kaligtasan at ito ay maituturing pa ring biyaya? _____
Ano ang maliit na salita bago ang gumagawa na mahalaga sa ating isasaulong talata? _____
Sa Roma 11:6, ano ang kabaligtaran ng salitang biyaya? _____

Pwede mo bang ilista ang 5 bagay at ang kanilang kabaligtarang salita?

1.	1.
2.	2.
3.	3.
4.	4.
5.	5.

Sino sa palagay mo ang pinawawalang-sala sa ating isasaulong talata?
Bilugan ang isa:

1. mabuting tao
2. mga taong pinipilit na gawin ang pinakamabuti
3. ang makasalan/hindi maka-Dios

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Labing Dalawang Aralin

Talatang Sasauluhin - Mga Gawa 13:39 - "At sa pamamagitan Niya ang lahat ng sumasampalataya ay itinuring na matuwid sa lahat ng mga bagay, na sa mga ito ay hindi kayo magiging matuwid sa pamamagitan ng kautusan ni Moises."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____
_____
_____

Kapag ang isang tao ay pinili na ilagak ang kanyang pananampalataya kay Jesu-Cristo lamang bilang Tagapagligtas, siya ay tatanggap ng kaloob na buhay na walang hanggan.

Ilang beses ba natin dapat gawin ito?
1. kapag tayo ay nagkasala 2. araw-araw 3. minsan lang

Basahin ang Mga Gawa 13:38
Ang ating talata ay nagsasabi sa atin na ng _____ tayo ay pinawalang-sala (inaring-ganap) mula sa:
1. ilan 2. lahat 3. sa ibang mga bagay

Ang Dios ay pinawalang sala tayo sa lahat ng mga bagay! Ilang beses ba dapat sabihin ng Dios na tayo ay inaring-ganap na sa lahat ng mga bagay? _____

Ang ibig bang sabihin nito na ang mga taong ligtas na ay hindi na magkakasala?

_____
Hindi, ang ibig sabihin nito ay makatwirang inayos ng Dios ang ating mga kasalanan at ang kasalanang iyon ay pinatawad na at hindi na ito pwedeng gamitin laban sa iyo.

Basahin ang Roma 8:33
Kapag ikaw ay naligtas, ang pagtanggap sa iyo ng Dios ay hindi na mababago?

Napakagandang kaligtasan!
Ating nalaman sa Roma 6:23 na ang regalo ng Dios ay buhay na walang hanggan. Gaano ba katagal ang buhay na walang hanggan? _____

Kapag ang Dios ay nangako ng regalo, hindi Siya nagbabago ng kanyang isipan tungkol dito!

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Labing Tatlong Aralin

Talatang Sasauluhin - 2 Corinto 5:17 - "Kaya't kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____

_____

_____

Ikaw ba ay gumawa na ng family tree? Tinulungan ka ba ng iyong mga magulang kung paano ito mai-uugnay pabalik sa iyong lolo at lola.

Kung tayong lahat ay gagawa ng family tree pabalik sa pinaka-simula, sino kaya ang nasa pinaka-itaas ng lahat ng family tree? A_ _ _
Si Adan ang pinaka-pinuno ng lahat ng mga tao. Lukas 3:38

Bago maligtas ang isang tao, nakikita ng Dios ang taong iyon na na kay Adan. Kapag naligtas na ang isang tao, nakikita naman ng Dios ang taong iyon na nasa Kanyang Anak, ang Panginoong Jesu-Cristo. Ang isang taong naligtas na ay hindi na nakikita ng Dios na siya ay na kay Adan!

Basahin ang Galacia 2:20
Nakikita ng Dios ang lumang pagkatao mo (kay Adan) na napakong kasama ni Cristo.

Ikaw ay ginawang _____ nilalang ng Dios. Nakikita ka na ng Dios ngayon bilang bagong nilalang na Kanyang nilikha ayon kay Cristo. Sa pananaw ng Dios, ang iyong family tree ay nagsisimula na kay Cristo.

Basahin ang Efeso 4:24
Ang bagong nilalang ay nilikha sa _____ at _____.

Pagkaminsan ang mga tao ay sinusubukan na baguhin ang kanilang tunay na pagkakakilanlan. Binabago nila ang kanilang pangalan, ang kanilang hitsura, ang kanilang tirahan, ngunit sila ay ganoon pa rin katulad ng dati.

Tanging ang Dios lamang ang pwedeng magbago ng ating pagkakakilanlan. Tanging ang Dios lamang ang makapagbibigay sa atin ng bagong buhay kay Cristo.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Labing Apat na Aralin

Talatang Sasauluhin - Colosas 2:10 - "At kayo ay kumpleto na sa Kaniya, na Siyang pinuno ng lahat ng mga pamunuan at kapangyarihan."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____

_____

_____

Kapag ang isang tao ay naligtas, siya ay kumpleto na.

Ang ibig sabihin ng kumpleto ay hindi na magkukulang ng anuman. Ang mananampalataya ay mayroon ng lahat ng bagay na ibinigay ng Dios kapag siya ay naligtas. Ang pag-alam sa mga bagay na iyon at pagsasagawa sa ating buhay ang dapat nating maging nais.

Basahin ang Efeso 1:3

Ano ba ang mayroon sa isang mananampalataya?

Lahat ng mga _____ na _____.

Basahin ang Roma 5:1

Ano ba ang mayroon sa isang mananampalataya?

"mayroon tayong _____ sa Dios"

Basahin ang Colosas 2:13

Ano ba ang mayroon sa isang mananampalataya?

"_____ sa lahat ninyong mga pagsalangsang"

Paulit-ulit na sinasabi ng Dios na ang isang mananampalataya ay kumpleto na. Posible ba itong mangyari? Saan ba natin matatagpuan ang mga bagay na ito na para sa atin?

Ang ating isasaulong talata ay sinasabi na tayo ay kumpleto na_____.

Dahil inilagay tayo ng Dios kay Cristo, taglay natin ang lahat bagay at hindi na tayo mangangailangan ng iba pa.

Pagtugmain ang mga salita

kumpleto	mga benepisyo
lahat	kay Cristo
mga pagpapala	pagtatapos ng digmaan
ispiritwal	mga kasalanan
mga pagsalangsang	lahat
kapayapaan	ang mga pagpapalang mayroon tayo
kung papaano ang mga mananampalataya ay kumpleto na	hindi magkukulang ng anuman
ano ang pangangailangan ng mga mananampalataya	wala na

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Labing Limang Aralin

Talatang Sasauluhin - Galacia 3:26 - "Sapagka't kayong lahat ay mga anak ng Dios, sa pamamagitan ng pananampalataya, kay Cristo Jesus."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____
_____
_____

Ang talata bang ito ay nagtuturo na ang lahat ay mga anak ng Dios? _____

Ang lahat ng mga naglagak ng kanilang p_____ kay Jesu-Cristo ang mga _____ ng Dios.

Tama ba na dagdagan natin ang talatang ito? Sapagkat kayong lahat ay mga anak ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo at ang mga nagpabawtismo sa tubig. Oo o hindi

Basahin ang Galacia 4:4-7, Efeso 1:5 at Roma 8:16
Tayo ay kabilang na ngayon sa bagong pamilya, sa Dios!

Tingnan mo ang iyong sarili sa salamin. Kamukha mo ba ang iyong nanay at tatay? _____

Ano ang mayroon sa iyo para ganito ang isipin mo tungkol dito?

_____

Nais ng Dios na maging katulad tayo ng mga miyembro ng Kanyang pamilya. Paano natin gagawin ang mga ito? **Basahin** ang 2 Corinto 4:10, 11

Kapag hahayaan natin ang buhay ni _____ na mahayag sa atin.

Papaano hahayaan ng mga mananampalataya ang buhay ni Cristo na gumawa sa kanila upang makita ito sa ating mga katawan? **Basahin** ang Colosas 3:16

Kapag hahayaan natin ang salita ng _____ na manatili sa atin.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

Pang-Labing Isang Aralin

Roma 4:5 - "Datapuwa't sa kaniya na hindi gumagawa, kundi sumasampalataya sa Kaniya na nagpapaging-matuwid sa masama, ang kaniyang pananampalataya ay ibibilang na katuwiran."

Pang-Labing Dalawang Aralin

Mga Gawa 13:39 - " At sa pamamagitan Niya ang lahat ng sumasampalataya ay itinuring na matuwid sa lahat ng mga bagay, na sa mga ito ay hindi kayo magiging matuwid sa pamamagitan ng kautusan ni Moises."

Pang-Labing Tatlong Aralin

2 Corinto 5:17 - "Kaya't kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago."

Pang-Labing Apat na Aralin

Colosas 2:10 - "At kayo ay kumpleto na sa Kaniya, na Siyang pinuno ng lahat ng mga pamunuan at kapangyarihan."

Pang-Labing Limang Aralin

Galacia 3:26 - "Sapagka't kayong lahat ay mga anak ng Dios, sa pamamagitan ng pananampalataya, kay Cristo Jesus."

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Miners Pang-Labing Anim na Aralin

Talatang Sasauluhin - 1 Corinto 6:19 - "O hindi ba ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Banal na Espiritu na nasa inyo, na tinanggap ninyo mula sa Dios? at hindi ninyo pag-aari ang inyong sarili."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____

_____

_____

Ang mga mananampalataya sa Corinto ay naranasan ang ibat-ibang kasalanan. Ipinaalala ni Pablo sa kanila kung ano ang kanilang kalagayan.

May halaga ang kasalanan! Ang kasalanan ay hindi nagpapabago ng relasyon ng isang mananampalataya sa Dios. Ang kasalanan ay hindi na ibibilang sa isang mananampalataya. Ngunit ang kasalanan ay may bunga.

Basahin ang Galacia 6:6,7

Ano ang iba pang salita sa paghahasik? _____

Ang magsasaka ay nagtatanim ng mais. Siya ay nagtanim ng isang binhi at pagkatapos ay aani naman ng isang buo ng mais at maraming mga butil. Ang isang buo ng mais ay maraming mga butil na nakakabit doon. Ang magsasaka ay nagtanim ng _____ binhi at pagkatapos ay _____ ng isang buong mais.

Gumuhit ng isang buo ng mais. Ipakita ang maraming mga butil na nakakabit doon.

Ganito gumawa ang kasalanan. Kapag ikaw ay nagtanim ng kasalanan sa iyong buhay ay aani ka ng bunga nito. Ang pagkabulok. Ang pagkabulok ay nangangahulugan ng kamatayan. Marami nito. Ang kasalanan ay nagwawasak ng mga relasyon at pumapatay sa iyong pagkatao. Iyon ang nangyayari sa Corinto.

Ang katawan ng isang mananampalataya ay templo ng _____.

Ano ng iba pang salita sa templo? _____.

Ang Dios na Banal na Espirito ay tumatahan sa _____ ng mananampalataya.

Nakikita mo ba o nararamdaman Siya? _____.

Paano mo malalaman na naroron Siya? Iyon ang sabi ng B_____.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Labing Pitong Aralin

Talatang Sasauluhin - Galacia 1:8 - "Datapuwa't kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anumang ebanghelyo na iba sa aming ipinangangaral sa inyo, ay paka sumpain siya."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____

_____

_____

Minsan ay naiisip natin na ang pinakamahalaga sa buhay ay ang kumain ng mga tamang pagkain, magkaroon ng mabuting edukasyon, pagsusuot ng seat belt at ng iba pang mga bagay na katulad nito. Ang mga ito ay mahalaga pero hindi natin pwedeng ikumpara sa mga bagay na ating pinaniniwalaan tungkol sa Dios, at kung ano ang Kanyang sinabi, at kung ano ang Kanyang ginagawa. Ang ibang mga bagay ay nagiging dahilan ng ilan sa mga problema natin sa buhay ngunit ang paniniwala sa maling mga bagay tungkol sa sinabi ng Dios ay may malaking epekto sa atin.

Sa palagay mo ay mahalaga ang tamang paniniwala kung paano makakapasok sa langit? _____

Ang mga mananampalataya sa Galacia ay naniniwala sa maling mga bagay na sinabi ng Dios.

Ipinaalala sa kanila ni Pablo na ang ebanghelyo na kanyang ipinangaral ang dapat nilang paniwalaan.

Basahin sa Galacia 2:2,7

Ang ebanghelyo ba ni Pablo ang nag-iisang ebanghelyo sa Biblia? Oo o Hindi

May mga dumating sa Galacia at nangaral ng ibang ebanghelyo na kakaiba sa ipinangaral ni Pablo.

Ang Dios ang laging gumagawa ng paraan para sa kaligtasan ng tao. Ngunit ang paraan ng Dios tungkol sa kaligtasan hindi laging magkapareho. Ang paraan ng kaligtasan kay Adan, Noe, Moises, at sa bansang Israel ay hindi makapagliligtas sa iyo sa panahong ito!

Basahin ang Galacia 1:11,12

Ang ebanghelyo ng kaligtasan para sa iyo at para sa akin ay matatagpuan lamang sa mga sulat ni P_____. Sino ang nagsabi kay Pablo kung anong ebanghelyo ang dapat niyang ipangaral? _____

Basahin ang 2 Pedro 3:15,16

Ang pagpilipit sa mga kasulatan ay nagdudulot ng _____

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Labing Walong Aralin

Talatang Sasauluhin - Efeso 2:16 - "At upang papagkasunduin silang dalawa sa iisang katawan sa Dios sa pamamagitan ng krus, na sa Kaniya'y pinatay ang pagkakaalit."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____

_____

_____

Ang ebanghelyo ni Pablo ay nagsasabi sa atin ngayon na ang Dios ay pinagkasundo ang dalawang grupo ng mga tao sa Kanya sa iisang kaparaanan.
Basahin ang Efeso 2:11,12 at Roma 10:12
Sino ang mga ito? _____ at _____
Pagkasunduin ang kahulugan ay:

1. paghiwalayin **2. pag-isahin** **3. paglingkuran**

Ang talata ay nagsasabi na si Jesu-Cristo ang tanging makapagdadala sa mga Judio at Hentil sa Dios.
Paano? 1. sa pamamagitan ng kautusan
2. sa pamamagitan ng krus
3. sa pamamagitan ng simbahan

Ikaw ba ay nakapagtayo na ng pader o bakod para hindi basta makapasok ang ibang tao? Mayroong pader sa pagitan ng mga Judio at mga Hentil. Ito ay ang kautusan, ang sistema ng sakripisyo, pagpapabawtismo, mga piyesta at ang Sabbath (o Araw ng Pamamahinga).
Ang pader na ito ay nagpapalayo sa mga Hentil. Sa pamamagitan lamang ng pagpunta ng mga Hentil sa Israel kaya sila magkakaroon ng pakikipag-ugnayan sa Dios. Ang pader na ito ay nakatayo ng may 1,500 na taon. Pagkatapos nito ay dumating si Pablo na nangangaral ng bagong mensahe!
Ngunit si Cristo ay binayaran sa krus ng Kalbaryo ang kabayaran ng kautusan, ito ay ang kamatayan!
Basahin ang Efeso 2:15
Si Jesu-Cristo ay _____ ang kautusan. Tayo ay pinalaya na mula sa kautusan, pinabagsak niya ang pader na ito!
Ang krus ang nagbigay-daan sa Dios para pagkasunduin ang mga Judio at mga Hentil papunta sa Kanya! Ang sabi ni Pablo ay pinagka-isa tayo ng Dios sa **<u>iisang katawan</u>** ngayon.
Sa Efeso 2:15 ay sinasabi na: "isang b_____ t_____."
Ang mga Judio at Hentil ay _____ sa Dios sa isang _____ sa pamamagitan ng ____ _____. Hindi na sa pamamagitan ng Israel sa halip ay sa pamamagitan ng bagong paraan, ang Katawan ni Cristo!

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Labing Siyam na Aralin

Talatang Sasauluhin - Galacia 2:21 - "Hindi ko inaalisan ng halaga ang biyaya ng Dios: sapagka't kung sa pamamagitan ng kautusan ay ang katuwiran, kung gayo'y si Cristo ay namatay ng walang kabuluhan."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____

_____

_____

Nasubukan mo na bang hadlangan ang isang tao na gawain ang gusto niyang gawain? Maaaring nahadlangan mo siya, hindi naituloy ang proyekto at naging balakid ka sa kaniyang gawain. Naiinis mo siya, at hindi niya magawa ang gusto. Ang biyaya ng Dios ay nais na gawain ang ilang mga bagay.

Basahin ang Efeso 2:8,9

Ang pinakamahalaga, ang biyaya ay gusto kang i_____. **Basahin** ang Tito 2:11,12. At pagkatapos nito, ang biyaya ay gusto kang b_____ nito.

Ngunit ang biyaya ng Dios ay pwedeng mahadlangan at hindi magawa ang gustong gawain nito.

Papaano? Sa pagnanais na b_____ at pagsunod sa _____. Kung ang sinuman ay nais na gawain ang kautusan, sila ay magiging matuwid at ang Dios ay gagantimpalaan sila ng b_____ na walang _____. Roma 2:6,7

Ang problema ay ang kautusan ay perpekto at tayo ay hindi! (Roma 3:20) Ang kautusan ay nagdadala ng pagkaalam sa k_____. Ang kautusan ay patuloy na nagpapaalala sa Israel na sila ay nagkasala at dapat na kumuha ng hayop at maghandog ng sakripisyo para sa kanilang mga kasalanan. Ang pagsisikap na maging katanggap-tanggap sa Dios sa pamamagitan ng iyong katuwiran ay humahadlang sa biyaya ng Dios.Kung ikaw ay magiging katanggap-tanggap sa Dios sa pamamagitan ng iyong sariling katuwiran, sino ang namatay na walang kabuluhan? _____ Ano ang iba pang salita para sa walang kabuluhan? _____

Ano ang nagiging hadlang sa mga bagay sa unang column? (pagdugtungin)

ilog	nakasarang pinto
biyaya ng Dios	digmaan
pagpasok	ingay
aso	dam
tahimik	pag-aayos ng kalsada
araw	tali
trapiko	mga ulap
kapayapaan	sariling katuwiran

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero Pang-Dalawampung Aralin

Talatang Sasauluhin - 1 Corinto 1:18 - "Sapagka't ang pangangaral tungkol sa krus ay kamangmangan sa kanila na mga napapahamak; nguni't sa atin na naliligtas, ito ay ang kapangyarihan ng Dios."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

_____
_____
_____

Sagutan ang mga katanungan magmula sa mga salita na matatagpuan sa ibaba ng pahinang ito.

Sino ang nag-iisip na ang pangangaral sa krus ay kamangmangan lang?
Sila na mga _____

Basahin ang Juan 5:24. Mapahamak ay nangangahulugang _____

Basahin ang Mga Gawa 17:32-34

Ano ang tatlong naging katugunan sa pangangaral ni Pablo?

1. _____
2. _____
3. _____

Nasaan ang kapangyarihan ng Dios sa ngayon? sa p_____
ng k_____

Ang nagagawa ng kapangyarihan ng pangangaral ng krus?
I_____ iyong mga s_____

Ano ang sinasabi sa Roma 1:16 na magagawa ng kapangyarihan ng Dios?

Mga Sagot:

mapapahamak	tinuya/pinagtawanan	iligtas
krus	makikinig ulit	pangangaral
sumasampalataya	ebanghelyo ni Cristo	napapahamak

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

Pang-Labing Anim na Aralin

1 Corinto 6:19 - "O hindi ba ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Banal na Espiritu na nasa inyo, na tinanggap ninyo mula sa Dios? at hindi ninyo pag-aari ang inyong sarili."

Pang-Labing Pitong Aralin

Galacia 1:8 - "Datapuwa't kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anumang ebanghelyo na iba sa aming ipinangangaral sa inyo, ay paka sumpain siya."

Pang-Labing Walong Aralin

Efeso 2:16 - "At upang papagkasunduin silang dalawa sa iisang katawan sa Dios sa pamamagitan ng krus, na sa Kaniya'y pinatay ang pagkakaalit."

Pang-Labing Siyam na Aralin

Galacia 2:21 - "Hindi ko inaalisan ng halaga ang biyaya ng Dios: sapagka't kung sa pamamagitan ng kautusan ay ang katuwiran, kung gayo'y si Cristo ay namatay ng walang kabuluhan."

Pang-Dalawampung Aralin

1 Corinto 1:18 - "Sapagka't ang pangangaral tungkol sa krus ay kamangmangan sa kanila na mga napapahamak; nguni't sa atin na naliligtas, ito ay ang kapangyarihan ng Dios."

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Binabati kita!

Natapos mo na ang unang aklat!

Naiisip mo na ba ngayon kung gaano ka kayaman dahil ikaw ay na kay Cristo na? Masisimulan nating maintindihan ang sinasabi ni Pablo nang kanyang sabihin na, "Oh ang kalaliman ng mga kayamanan ng karunungan at ng kaalaman ng Dios!..."

Ngunit nakita pa lang natin ang nasa ibabaw. Maging handa kayo para matagpuan ang marami pang mga kayamanan sa pagsisimula natin ng ikalawang aklat, "Gemstones".

Pastor Buck

Ang Awitin ng Mga Minero

Sa minahan kami ay pupunta
Sa minahan kami ay pupunta
Maghuhukay sa Salita ng Dios
Ang Kanyang mga kayamanan
ay aming malalaman.

Ang ating mga kayamanan ay na kay Cristo
Ang ating mga kayamanan ay na kay Cristo
Nabuhos ang Kanyang dugo
para sa lahat nating mga kasalanan
Nasa Kanya nakatago ang ating mga kayamanan.

Siya ay naging mahirap
Siya ay naging mahirap
At tayo sa pamamagitan ng Kanyang kahirapan
Ay magiging mayaman magpakailanman.

Kumpleto tayong nakatayo sa Kanya
Kumpleto tayong nakatayo sa Kanya
Matuwid na tayo sa Kanyang trono
At patungo na tayo sa kalangitan.